



Kultura

ANG WIKA ay salitang ginagamit ng isang bansa, nasyon o lahi na nagbubukod sa mga ito sa ibang bansa, nasyon o lahi. Ang kultura naman ay kalipunan ng damdamin, kaisipan, paniniwala, pag-uugali at tradisyon ng isang grupo ng mga indibiduwal, pamayanan o bansa, na naghiiwalay sa kanila sa kapuwa indibiduwal, pamayanan o bansa. Datapuwat sa kabila ng katangiang nakapagbubukod, ang wika ay daluyan ng kaangkinan ng tao, komunidad o bansa; sa kabila ng katangiang nakapaghihiwalay, ang kultura ay batis na salukan ng kakanyahan ng pamayanan, rehiyon o bansa. Samakatuwid, sa kabila ng sa malas ay mga negatibong katangian, ang wika at kultura, taliwas mandin sa dalawang naunang katangian, ay nakapagbubuklod din sa isang banda.

Wika ang tulay ng pagkakaunawaan ng magkatalad o magkaiba mang kultura. Ang kapisirangng kalamang tungkol sa wika ng ibang kultura ay puhunan na upang matawid ang pagitan ng komunikasyon ng dalawang magkaibang kultura. Sa panimulang pagpapalitang-wika, kasunod ay ang unti-unting pagpapalitang-diwa na humahantong sa mutuwal na pagkakaunawaan ng mga kultura.

MAGUGUNITANG noong panahon ng liberasyon, isang ngiti, muwestra ng daliri at "Victory Joe" ay sapat na upang makamit ang mutuwal na kagandahang-loob sa mga Amerikano na sineselyuhan ng huli sa pamamagitan ng isang bara ng tsokolate o isang rasyon ng sigarilyo. Sinusuklian mandin ng mga Amerikano ang ganooing pitagan sa kanila noon; samantala, ang mga kabalat nilang nangasa-bansa sa kasalukuyan ay humuhuli naman ng loob ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pakara-karampot at pabalubalukot na pananagalog—matim at tapat na hangad, gaano man katawa-tawa, ang pagpupumilit.

Ang wika ay ekspresyon ng kultura ng isang grupo ng tao na may likas na katangian. Upang maging ganap ang pagkakaunawa sa kulturang iba sa kinabibilangan, kailangan ang sapat na kaalaman at kaangkupan ng wika sa kulturang nais unawain. Wika ang siyang kakikilalan ng isang kultura, sapagkat ito ang nagbibigay-anyo rito para sa kaalaman ng mga kulturang hindi nito saklaw, nagtatakda ng pagkakaiba at pagiging sarili at orihinal ng uri nito, ng pagkakaibukod nito sa ibang kultura.

Sa Katagalugan, kung paanong ibinubukod ng "ala e" ang Batangueño sa Bulakeng, gayundin ang ipinag-iba ng putong Binan sa putong Pulo. Sa Timog, bagamat bigkis ng Islam ang mga Muslim, may sariling wika ang Tausog, mayroon din ang Maranao at gay undin ang Maguindanao; liban sa relihiyon, binubul lod din ang mga ito ng kulturang partikular sa katimugan, kaisahang nagpapatingkad sa iba't ibang indayog at igtig ng halu-halong wika.

Hindi lamang daluyan ng sariling kaisipan at kaalaman ang wika. Isa rin itong daang maaring bagtasin ng isang kaisipan tungo sa ibang kaalaman. Humigit-kumulang, batid ng sinuman na hindi niya mabubuwag ang pader ng kawalang-muwag sa alin-

mang kulturang banyaga sa kanya hanggang hindi niya naaabot ang wika ng kulturang nasa kabilang pader—bagamat hindi basta kung-pa-paano-na-lang na kaalaman sa wikang nabanggit ang kinakailangang taglay niya, kundi, gayundin ang sapat at angkop na pakikisalamuha sa kulturang gusto niyang maunawaan.

Maaring maunawaan ng mga Ilongot sa bulubunduking Nueva Vizcaya ang isang "kumusta" na sinasabayan ng ngiti at kaway ng kamay ngunit magiging palaisipan sa mga ito, sa oras ng kainan, ang paggamit ng kubyertos ng inaakala nilang nakikipagkaibigan. Katulad din ito ng katotohanang sa kabila ng pagsusot ng mga Igorot na mga kasuotang kakibat ng niyakap na sibilisasyon, hindi pa rin nito tuluyang mairagat ang kinapamihansang bahag, na ayon sa kanilang kalinangan ay may sariling rikit at maginhawa sa katawan.

Isang kahingian kung gayon sa hangaring mapabilang sa alinmang kulturang iba kaysa sa kinamulan, na ganap na maangkin ang establisado at tunay na wika ng kulturang ibig aniban. Na walang pinag-iba sa pakay na pagkakaunawaan ng dalawang taong magkaiba ng wika: gaano mang pagkikipapan sa pamamagitan ng isang tagapamagitan wika na pag-ugnayin ang dalawang diwa, hindi nito ganap at buong-buong mapapahayag ang tunay, pinaka-elemental, at pinakubod na damdamin ng alinman sa dalawang kaisipan. Maipapahayag lamang ito sa wikang magiging iskala ng dalawang kultura, ang pagsasalubong-wika o pag-iisang-diwa—pag-aaral ng isa sa wika ng ikalawa at bise-bersa. Sa ganito'y magagap pati na ang pinakamunting detalye ng dalawang damdamin.

SAMANTALA, wika rin ang nagsisilbing instrumento sa pag-analisa at pagsasaayos ng katotohanan ng kabuuang kalagayan upang ang isang kultura ay umiral at magkaroon ng kakayahang gumawa at lumikha. Sapagkat napapalob sa wika ng isang kultural na kabuuan ang daigdig at realidad bilang makatotohanang karanasang maipabatid ng isa sa kanyang kapuwa at kakultura. Ito ang sandigang konsepto kung bakit ang mga salita't katawagang hindi magkakatumbas sa iba't ibang wika ay naisasaayos at napag-ugnay-ugnay upang bawat wikang maisaayos at mapag-ugnay ay magkaroon ng likhang kalikasan at matanggap bilang isang naunawaan at natatanging pangkalahatang balangkas. Sa konseptong ito batay ang pagtanggap sa mga salitang bagamat ang sangkap na wikang hiram o sinitip sa mga salitang dayuhan ay, sa proseso ng asimilasyon, nagkaroon ng kaangkinang likas na Pilipino. Halimbawa ang *almiro*, *kutsara*, *debetopment*, *dryber*, *siyopaw* at *panisit*. Ang mga nabanggit, bagamat naisasalin din sa katumbas na mga katawagang may kani-kaniyang interpretasyon ng kung ilang daang wika at diyalekto sa bansa, ay higit na empatuko sa gayong kaayusan.

Higit na may emphasis kung sasabihing "maggroseri" kaysa "mamimili ng groseriya," "i-follow-up" ang "appointment" kaysa "kumustahin ang nombromiyento," "kandidatura" kaysa "pagiging kalahok sa eleksiyon," "kontrobersiyal" kaysa "nakalilikha ng alingangas."

Sa kaisipan, ang wika ay repleksiyon ng mga impluwensiya ng nakaraang mga panahon sa kasaysayan ng bansa. Sa mga Kastila natin namana ang "puñeta" at ang sinumang karingan ng ganitong bulalag ng galit, pagsisiklab ng kalooaban o pagmumura ay alinman sa mulata o indiyang ala-Donya Victorina.


Maraming Pilipino ang higit na nagugustuhan ang "canton" kaysa sa sariling "palabok." At sa mga malumanay na nagugulantang sanhi ng bahagyang pisikal na sakit at napapaatungal ng "ouch," ang tingin natin ay "Brown Americans," kundi man burgis na nagpapaimpres.

Ang mga samut-saring katulad nitong mga salita ay dagdag na kaalaman sa personalidad, bokabularyo at kultura ng indibiduwal. Kaalamang kung malihigan at magagamit sa positibong paraan ay maipaabot at mapalalaganap sa kapakinabangang pangkalahatan.

ISANG hungkag na kaisipang maituturing ang pagpupumilit na makapagkintal ng isang kagulat-gulat na impresyon ang isang taal na taga-Kabisayaan o taga-Kailokohan na nagmumutaktak sa labi ang bugal-bugal at pilipit na Ingles, gayong higit siyang magiging kapuri-puri, kahit mahirap ding maunawaan, sa pagpapahayag sa kahit pa mas baluktot na Pilipino. Katawa-tawa man, kundi man nakalulungkot, maling esensiya ng kulturang Kanluranin ang hagam ng ibang Pilipino. Konkretong katibayag pa ang isang tipikal na usapan sa bus, waiting shed, department store o sa iba pang lugar na pampubliko: "You naman e, always making bola."

Hindi ito implikasyon na mali ang sumipi ng esensiyal at makabuluhang mga ideya mula sa kulturang pantabas, bagkus, hinhiikayat pa nga ang gayong praktikal na kaisipan. Lamang, sa pagsipi, pagkuha ng mahahalagang detalye, at partisipasyon sa kalinangang labas sa kinamihansan, ipinangangamba ang lubusang pagkagumon sa kasabikan at musmos na katuwagan sa pamilyaridad sa bagong kaalaman. Ipinangangamba ang pagpapatuloy ng ganitong entusiyasmo sa katutuklas na kaalaman, sa takot na tunawin nito ang orihinal na kultura. Malayo man ang posibilidad, dahil sa kinakailangan munang patayin ang kultura ng isang indibiduwal, kasunod ng isa grupo ng mga indibiduwal, pamayanan, sambayanan, bansa at patuloy pa bago magawang patayin ang pangkalahatang kabuuan ng kalinangan, naroroon ito—ising laing posibilidad—katulad ng katotohanang ang Canada, sa kawalan ng katutubong wika ay walang likas na kultura, at kung mayroon man, ay halu-halo, kumplikado, masalimuot. Hindi kailanman masasabing ang lahat ng taga-Canada ay Canadian (bagamat sa isang banda ay maaari ito sa puntong heograpiikal) sapagkat binubuo ang bansang ito ng maraming kultura, mas marami at iba't ibang wikang walang pamantayang kaisahan.

Hindi na makatkat sa balangkas ng kalinangan ng Pilipinas ang samut-saring mga wikang baon at inwan ng mga kolonyal na nasyon. Mga alaalang sa rubod ng damdaming makabayan ng ating mga ninuno ay tinangkang burahin upang huwag bumahid sa ka-



Pang, Marcos: tagapagtaguyod ng wikang Pilipino.

likasan ng kulturang Pilipino at siya ring dahilang nagbunsod upang ang mga ninunong iyon, partikular ang mga Tagalista, ay ipanukala at ipagdiinan ang wikang Tagalog, kaangkinang likas, sarili at di-mapaknit din, bilang pamantayang wika ng Pilipinas. Ngunit ang kalikasan ng kulturang Pilipino ay may katangiang mapanlikha, kundi man mapanlagom, na ang ginagamit na huwaran at sangkap, kadalasan, ay mga hiram at ligaw na kaalaman para sa sariling kagalingan. Kaya ang puta-putaking wikang Intsik, Kastila, Ingles at iba pa ay kinasangkapan nito sa pagdebetop ng wikang manifestasyon ng kulturang Pilipino, kulturang sanib-kultura ng mga sumaklaw rito at sinaklaw nitong mga kultura, at hindi ng wikang katutubo nga ay banyaga naman sa mismong mga mamamayan ng kabuuang kultura.

Hindi nawawala ang ka-Pilipinuhan ng Pilipino, bagkus ay napatitingkad pa nga, sa wikang daluyan ng kulturang Pilipino. Ang Ilokano ay para sa Kailokohan; Bisaya para sa Kabisayaan; Maranaw para sa Mindanawan; Tagalog para sa Katagalugan. Ngunit kailanman at saanman, ang Pilipino ang para sa Pilipino. □